

# Mga Kuwentong Bayan ng mga Maguindanaon at Maranao: Pokus sa Pagsasalin at Paggawa ng Modyul

NERISSA L. HUFANA

## Abstrak

*Tumatalakay ang artikulo sa sampung (10) kwentong bayang Maguindanaon at sampung (10) kwentong bayang Maranao na isinalin sa wikang Filipino. Inilahad kung paano binuo at binalideyt ang dalawampung (20) modyul na batay sa mga kwentong bayang ito. Isinama rin ang resulta ng balidasyon, konklusyon at rekomendasyon.*

## I. Introduksyon

Isang walang katapusang daloy ng tubig sa batisan ang kahalagahan ng panitikan sa bawat bansa sa daigdig. Ito ay mamamatay lamang kung ang mga nakalimbag na titik ay mawawala sa daigdig at kung ang tao ay wala nang kakayahang magpahayag ng kanyang kaisipan at damdamin. Maaaring mawala ang kaunlarang materyal gayundin ang diwa ng nasyonalismo, ngunit ang tunay na kaluwalhatian ng panitikan ay hindi mawawala at mawawasak (Sauco, 1978).



Si NERISSA L. HUFANA ay ipinanganak sa Jaro, Iloilo City at kasalukuyang nakatira sa Purok No. 3, Camague, Iligan City. Nagtapos siya ng kanyang hayskul at kolehiyo sa Central Philippine University at ng kanyang M.A.Ed. (Filipino) sa West Visayas State University sa Iloilo City. Siya ay naging iskolar ng CHED-MAEP (Commission on Higher Education-Mindanao Advanced Education Project) at nagtapos ng kanyang Ph.D. in Language Studies sa MSU-Marawi City. Kasalukuyang nagtuturo at tserman ng Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika sa MSU-Iligan Institute of Technology, Iligan City.

Awtor ng mga librong **Mga Piling Kuwentong Bayan ng mga Maguindanaon at mga Maranao, Isang Serye ng mga Modyul Para sa Pagtuturo ng Panitikan** (Marawi City: University Book Center, MSU, 2000), Co-awtor din siya ng mga librong **Workbuk-Teksbuk sa Filipino 1 at 2** (MSU-IIT, Iligan City, 2003) at editor ng Hiligaynon lexical entries sa **Tumbasang Diksiyunaryo ng mga Katawagang Pangmilitar Ing-Fil-Seb-Hlg-Mar-Tau-Mag.** (Manila: Komisyon sa Wikang Filipino 2000).



Ang panitikan ay naglalarawan ng lahat ng anggulo ng buhay: pangkaluluwa, panlipunan at pangkalinangan. Nagbibigay rin ito ng kaalaman tungkol sa ugali, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, relihiyon at mga karanasang nakukulayan ng iba't ibang uri ng damdamin tulad ng pag-ibig, kalungkutan, pag-asa, pagkamuhi, takot at pangamba.

Ayon kay Santiago (1991), ang panitikan ay isa sa pinakamalayang larangang katatagpuan ng mag-aaral ng mga saloobin o paninindigang magbubukas sa kanyang isip, kakatok sa kanyang kamalayan, at titinag sa kanyang damdamin upang ang mataas niyang pinag-aralan ay magbunga bilang handog sa lipunan at panahong nagdulot sa kanya ng pagkakataon. Sinabi nina Guamen (1986) na maraming layunin ang pagtuturo ng panitikan; isa na marahil ang pagbibigay ng lugod. Ito ay nakapagpapalaganap din ng kaalaman tungkol sa iba't ibang gawain at karunungan. Ang panitikan ay hindi lamang pumupukaw ng guniguni at gumigising ng damdamin. Ito ay nagtuturo rin ng mga aral na humihikayat nang mabuti.

Ang panitikan ayon pa rin kina Guamen ay hindi lamang para luminang ng kaalaman at ng karunungan, kundi para luminang ng damdamin at ng guniguni. Ito'y nagtuturo ng kaalaman sa pagpapahalaga ng mga makabuluhan sa buhay. Subalit higit sa lahat layunin nito ang pagtatanim ng kabutihang asal, wastong pag-uugali at pag-ibig. Sa pagtuturo ng panitikan, dapat ipaunawa ng guro sa mga mag-aaral man na hindi nasisiyahan sa mga aralin ng panitikan, marahil ang isipan ng guro ay iba kaysa kaisipan ng mga mag-aaral pati na rin ang kanilang damdamin.

Ayon kina Gonzales (1982), sa pag-aaral ng panitikan, ang unang malaking balakid ay ang negatibo o salungat na damdamin ng mga mag-aaral. Sa mga mag-aaral na ang pagkamulat ay kanluranin, masasabing ang negatibong saloobin ay nag-uugat sa diwang kolonyal — na ang lahat ng katutubo o taal na bagay ay may mababang uri. Ang may mataas na uri lamang at karapat-dapat tangkilikin ay ang mga nagbubuhay sa Amerika o sa Europa. Matatagpuan saan mang paaralan ang ganitong mga mag-aaral ngunit sa kasalukuyan, sila'y unti-unti na ring namumulat sa katotohanang di lahat ng katutubong bagay ay walang halaga at di lahat ng nakikita sa ibang bansa ay kapuri-puri.

Sinabi naman ni Yu (1980) na wala sa "matinong literatura" ang hilig ng mag-aaral, lalo na kung panitikang Filipino ang pag-uusapan. Kung sakali mang magbasa sila, tiyak na iyon ay dahil sa aralin sa Filipino na kailangan sa kanilang pag-aaral. Sa ibang pagkakataon naman, ang isang mag-aaral ay nagbabasa at nag-aaral ng panitikan dahil sa ito'y pinili niyang larangan ng espesyalisasyon. Ayon pa rin kay Yu, bunga na rin ng pagbabago sa materyal na kondisyon ng pamumuhay ng tao, ang hilig sa pagbabasa at pagpapahalaga sa panitikan ay naaapektuhan. Isa pa ring dahilan ng kawalangana ng mga mag-aaral sa panitikang Pilipino ayon pa rin sa kanya ay ang paulit-ulit na pagtalakay ng magkakatulad na aralin sa panitikan.

Di lahat ng mag-aaral ay may sapat na pagkawili sa panitikang Pilipino. Ayon



sa pag-aaral nina Magracia, Santos at Enseñado (1986), ang pinakamalubhang mga suliranin na may kinalaman sa mga mag-aaral ay ang kakulangan ng kawilihan ng mga mag-aaral sa mga aklat at iba pang kagamitang nakasulat sa Filipino. Kaugnay ng suliraning ito ay ang kakulangan ng mga sangguniang aklat para sa pag-aaral ng panitikang Filipino. Di lahat ng laybrari ay may mga babasahin ukol sa matandang panitikan upang matugunan ang pananaliksik na itinakda sa mga mag-aaral. Sakali namang mayroon, ano ang panitikang kanilang karaniwang napag-aaralan? Tanggapin man o hindi ng lahat nating mga manunulat sa panitikan ng Pilipinas, ang mga karaniwang nababasa ng mga mag-aaral ay yaong panitikan ng mga taga-Luzon, at Visayas lalo na ang panitikan ng mga Tagalog. Nabibigyan ba ng pansin at pagpapahalaga ang mayaman ding panitikan ng mga Muslim? Kung mayroon man, kakaunti lamang ang mga ito. Malinaw na mga patunay ang mga nababasa natin sa pahayagan at nakikita natin sa telebisyon na pati ang mga edukado at kilalang tao sa ating gobyerno at lipunan ay kung di man kulang ay malabo ang kaalaman sa kulturang Muslim. Ito ay isang malungkot na katotohanan para sa ating mga kapatid na Muslim, kaya napapanahon ang ganitong uri ng kagamitang pampagtuturo na hindi lamang naaangkop sa mga mag-aaral na Muslim kundi pati na rin sa mga mag-aaral na Kristiyanong kulang sa kaalaman tungkol sa etnikong grupong ito.

Ang panitikang Maranao at Maguindanao, tulad ng iba pang panitikan ng iba't ibang grupo ng mga Muslim ay mayaman at kawili-wili dahil ang mga ito ay naglalarawan ng mga kaugaliang Maranao at Maguindanao at ng mga karanasan ng kanilang mga ninuno. Napapalooban din ang mga ito ng mga paniniwala at kagandahang-asal na kakaiba at natatangi lamang sa mga grupong ito. Dahil sa natatangi at kawili-wili ang panitikang Maranao at Maguindanao, nasa pagkamalikhain ng guro kung hanggang saan niya mahihikayat ang kanyang mag-aaral sa pagpapahalaga sa uring ito ng panitikan. Nasa kamay niya ang ikadadali ng pagkatuto at ang lalong ikasisigla ng kanyang mga aralin sa panitikan tungo sa lalong pag-unawa at pagmamalasakit sa panitikang Muslim.

Ang isa sa pinakamabigat na problema ng isang baguhang guro, lalo na ng isang matagal nang guro sa pagtuturo ay hindi lamang ang kakulangan sa mga kagamitang pampagtuturo kundi ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo. Marami ang mga kagamitan ngayon sa pagtuturo lalo pa nga't tayo ay nasa "Panahon ng Kompyuter" at napakamodernong teknolohiya ngunit ang mga ito ay ginagamit pa rin sa tradisyunal na pamamaraan at nakalaan sa pangkalahatang pangkat ng mga estudyante. Ang kaangkupan ng mga kagamitang pampagtuturong ito ay nakalaan lamang sa lahat ng grupo ng mga estudyante na hindi binibigyan ng kahalagahan ang kultura ng partikular o tiyak na pangkat. Sa mga dahilang ito kung bakit binuo ang pag-aaral na ito.



## Kahalagahan ng Pag-aaral

Inaasahang ang pag-aaral na ito ay magsisilbing tulay upang makita ng mambabasa, maging anuman ang kanyang lahi, relihiyon o propesyon, ang ilang kaalaman hinggil sa kababayang Maranao at Maguindanaon sa pamamagitan ng pagbabasa ng kanyang panitikan na nasusulat sa wikang madaling mauunawaan ng lahat— ang wikang Filipino.

Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral ng literaturang Pilipino, sa mga guro at mga mambabasang naghahangad upang mapayaman ang kanilang kaalaman tungkol sa panitikang Maranao at Maguindanao. Maaaring ang pag-aaral na ito ay magagamit na sanggunian lalo na at nakasulat sa wikang Filipino ang mga kuwentong bayan ng mga Maranao at Maguindanao. Dahil sa pagkakasalin sa nasabing mga kuwentong bayan sa Filipino, magiging madali para sa di-Maranao at di-Maguindanaon na mga mambabasa ang pag-unawa sa kakaibang ugali, paniniwala, katangian at paraan ng pamumuhay ng mga Maranao at Maguindanaon na buong linaw na inilalarawan sa kanilang mga kuwentong bayan.

Sa mga Kristiyanong guro ng asignaturang Filipino, ang pag-aaral na ito ay makatutulong upang makagiliwan nila ang mga Maranao at Maguindanaon katulad ng pagkagiliw nila sa mga Kristiyanong mga mag-aaral nila. Bukod dito, lalawak ang kanilang pananaw sa lahing Pilipinong Muslim.

Ang ikalawang bahagi ng pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga guro at mag-aaral para magamit ang modyul sa iba't ibang eskwelahan — pribado man o publiko. Magsisilbing gabay ito sa mga guro na gustong gumamit ng modyular na pagdulog sa kanilang larangan ng espesyalisasyon.

Sa dahilang madetalye at magaan ang modyular na pagdulog, lalong mapahalagahan ang panitikan ng mga Maranao at mga Maguindanaon. Higit pa rito malilintang nang mabisa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa apat na kakayahang ito — pagbabasa, pagsusulat, pag-iisip at pagsasalita sa paksang nauugnay mismo sa kanilang kultura — na bahagi rin ng kanilang pamumuhay at karanasan.

Inaasahang ang mga modyul na kinapapalooban ng kuwentong bayan ng mga Maranao at Maguindanaon ay makatutulong sa madaling pagkaunawa ng mga mag-aaral sa leksiyon dahil sa ito ay angkop sa kanilang grupo. Mabibigyan din ng halaga o pagkakataon ang mga mag-aaral na mahihina at mahiyain na makalahok sa mga gawain sa loob ng klase.

Inaasahan din na ang pag-aaral na ito ay makapagbibigay lunas sa indibidwal na pangangailangan ng bawat mag-aaral batay sa kani-kanilang mental na abilidad.

Sa mga karaniwang mamamayan, na hindi maganda ang pananaw sa mga Muslim na tulad ng mga Maranao at Maguindanaon, ang pagsasalang napapaloob sa pag-aaral na ito ay magsisilbing daan upang lubos nilang matanggap ang katotohanang sila at ang mga Maranao at Maguindanaon ay may kakaibang kultura-kaugalian,



paniniwala at pag-iisip na sa kabuuan ay siyang kaganapan ng kanilang iisang lahi. Sa isang Maranao at Maguindanaon, ang pag-aaral na ito'y inaasahang magsisilbing salamin upang makita nila ang kanilang sarili. Sa pamamagitan nito ay madarama nilang sila'y mahalagang bahagi ng bansang Pilipinas. Sana'y maganyak silang tumulong at makiisa sa ikatagumpay ng pag-iisang diwa ng mga Muslim at mga Kristiyanong Pilipino tungo sa kapayapaan at kaunlaran na hinahangad ng ating pamahalaan para sa Mindanao.

Inaasahan ding ang pagsulat ng ganitong uri ng pananaliksik tungkol sa mga Maranao at Maguindanaon ay makatutulong sa iba pang mga mananaliksik sa kanilang pagsasagawa ng katulad o kaugnay na pag-aaral upang makapag-ambag sa pagpapalaganap ng pagkakaunawaan at pagkakaisa ng mga Pilipino, Muslim man o Kristiyanong sa pagkamit ng kapayapaan tungo sa kaunlaran.

Ayon nga kay Constantino (1996), marami nang mga pag-aaral na sosyolingwistiko ang nagpapatunay na ang wika mismo ay nagbibigay ng istatus at humuhubog sa sosyalisasyon ng indibidwal kung kaya't malaking bagay din ang magagawa nito para sa kanyang pang-edukasyon, pampolitika, pansosyal at maging pang-ekonomikong pag-unlad. Dagdag pa niya na sa pag-aaral ni Acuna noong 1987 (kay Constantino, 1996), lumalabas na mas magiging malikhain at tumutulong sa kognitibong pag-unlad ng bata ang paggamit ng katutubong wika sa kanyang pag-aaral kaysa banyagang wika. Mas nag-iisip, mas titingin at magsusuri sa kanyang kapaligiran at hindi mahihiyang magtanong ang mga bata.

Higit sa lahat, ang mga kwentong bayan na isinalin sa wikang madaling maunawaan ng lahat at itinuturo sa paaralan, bilang bahagi ng "folklore" ay mahalagang kasangkapan sa pambansang kaunlaran. Sa kanyang talumpati sa Third National Folklore Congress noong 1981, sinabi ni Francisco S. Tatad ang ganito:

**Folklore and development is indeed meaningful in the context of the Philippines effort to resolve our own problems. Folklore breaks the cultural barrier that exists between agents of change and the people upon whom change is being foisted. Development and change ought to reinforce cultural foundations, but in order that such foundations are not transformed into an argument against change, no less than a full understanding of each other's lore is needed.**

Sa mga dahilang ito kung bakit mahalaga ang papel na gagampanan ng pag-aaral na ito.

Ang disertasyong pinamamagatang, "Mga Kuwentong Bayan ng mga Maguindanaon at Maranao: Pokus sa Pagsasalin at Paggawa ng Modyul" ay kinapapalooban ng mga orihinal at piling kuwentong bayan ng mga Maguindanaon at



Maranao na isinalin sa wikang Filipino. Batay sa dalawampung (Sampu sa mga Maguindanaon at sampu sa Maranao) isinaling kuwentong bayang ito ay binuo ang isang serye ng mga modyul. Ang pag-aaral ay binubuo ngayon sa dalawang bolyum. Ang Unang Bolyum ay binubuo ng mga mahahalagang bahagi ng disertasyon – Introduksyon, Kaugnay na Literatura at mga Pag-aaral, Metodolohiya, Paglalahad at Pagsusuri ng mga Datos, at ang Buod, Kongklusyon at Rekomendasyon. Makikita dito ang presentasyon ng mga resulta sa balidasyon ng mga pagsasalin at ang pilot testing ng modyul sa limang paaralan: University of Southern Mindanao-University Laboratory School at Notre Dame of Kabacan sa Kabacan, Cotabato, Dansalan College Foundation, Inc. at Lanao National College of Arts and Trades sa Marawi City, at ang Iligan City East High School sa Sta. Felomina, Iligan City. Ang ikalawang bolyum naman ay ang libro ng mga modyul na siyang pinaka-awput ng pag-aaral na ito. Ito ay kinapapalooban ng mga mahahalagang bahagi na ibinatay sa aklat nina Abad at Ruedas (1995). Ang mga bahaging ito ay ang sumusunod: Pamagat, ang mga Target na mga Estudyante, Lagom-Pananaw, Layunin, Mga Kakailanganing Kahandaang Gawi, Mga Gawain sa Pagkatuto, Mga Tanong na Sasagutin, Mga Sagot sa Tanong, Panukatang Sangguniang Pagsusulit at Pagpapahalaga. Idinagdag din sa librong ito ang mga Tanong para sa talakayan sa klase.

## II. Metodolohiya

Ang pag-aaral na **Mga Kuwentong Bayan ng mga Maguindanaon at Maranao: Pokus sa Pagsasalin at Paggawa ng Modyul** ay binuo sa dalawang bahagi. Una ay ang mga isinalin sa Filipino na mga kuwentong bayan ng mga Maranao at Maguindanaon at ang pangalawa ay ang binuo, binalideyt at sinubok na modyul sa pagtuturo na kinapapalooban ng mga kuwentong bayan ng mga Maranao at Maguindanaon na isinalin sa wikang Filipino.

Ang katumpakan ng pagsasalin sa Filipino ng mga Maranao at Maguindanaon na mga kuwentong bayan ay tiniyak ng sampung (10) balideytor. Lima (5) ang balideytor sa Maranao at lima (5) naman sa Maguindanaon. Bawat balideytor ay binigyan ng tigdalawang kuwentong bayan para ibalideyt. Ibinatay nila ang kanilang pagbalideytsa kawastuang panretorika, kawastuang pambalarila, kalinawan ng salin, at katangiang pampanitikan. Bawat tuntunin ay may kanya-kanya ring katangiang pinagbabatayan ang mga balideytor.

Ang modyul sa pagtuturo ay isinangguni sa *Panel ng mga Eksperto* sa kagamitang pampagtuturo para sa komentaryo, kritiko o suhestiyon. Pagkatapos ay nirebisa ito at ginamit sa pilot testing.

Ang unang bahagi (Set A) ng modyul na binubuo ng sampung kuwentong bayan ng mga Maguindanaon ay unang sinubukan (pilot testing) sa Cotabato. Ito ay



sa mga eskuwelahang University of Southern Mindanao Laboratory School (publiko) noong Oktubre 23-27, 2000 at sa Notre Dame of Kabacan (pribado) noong Nobyembre 4-8, 2000.

Dalawang seksyon ang pinili ng mananaliksik; ang una at huling seksyon sa unang taon sa haiskul. Ang ikalawang bahagi ng modyul na binubuo ng sampung kwentong bayan ng mga Maranao ay isinagawa sa Marawi City. Ito ay unang sinubukan (pilot testing) sa Dansalan College Foundation, Inc. (pribado) noong Nobyembre 11-15, 2000 at sa Lanao National College of Arts and Trades (publiko) noong Nobyembre 18-22, 2000. Ang modyul ay para masubukan ang komprehensyon at pagpapahalaga ng mga Maguindanaon at Maranao na mga estudyante sa sarili nilang mana ng isip at kultura.

Sa huli, ang buong modyul (Set A at Set B) ay sinubukan sa Iligan City East High School sa Sta. Felomina, Iligan City. Ang Set A (Kwentong Bayan ng mga Maguindanaon) ay isinagawa noong Disyembre 4-20, 2000 at ang Set B (Kwentong Bayan ng mga Maranao) naman ay noong Enero 4-20, 2001. Dito naman sinubukan ang kakayahan ng mga Kristiyanong estudyante sa komprehensyon at pagpapahalaga sa mga kuwentong etniko sa pormang modyul na bahagi na rin ng kanilang mana ng isip at kultura bilang mga Pilipino.

### **Pangongolekta ng mga Datos**

#### **Anyo 1**

1. Kinolekta at tinipon ng resertser ang sampung kuwentong bayan ng mga Maranao noon pang Setyembre ng 1996 na isang pangangailangan sa klase sa LS 291 (Methods of Research). Ang mga kuwentong bayang ito ay mula sa mga impormant (tatlo) na kinapanayam o mula sa mga pananaliksik ng mga grupong ito. Ang mga kuwentong bayan ng mga Maguindanaon ay mula naman sa mga impormant (dalawa) na mga Maguindanaon. Nakolekta ang mga ito noong Hunyo, 2000. Mula sa maraming mga kuwentong bayang ito ay pumili ang resertser para sa pagsasaling gagawin sa tulong ng mga Maranao at Maguindanaon na mga kakilala.

Ang mga kuwentong bayang ito ay pinili ayon sa mga sumusunod na batayan:

- a) Pinakikilala na mula sa isang Maranao at Maguindanaon o mula sa isang pananaliksik ng isa ring Maranao at Maguindanaon.
- b) Ang tema ay hindi magkakapareho.
- c) Nagbibigay ng impormasyon at mabuting aral sa buhay.
- d) Nakawiwili para sa mga mag-aaral



Kinapanayam ng resertser ang pokloristang si Sr. Ma. Delia Coronel ng Mamitua Saber Research Center ng Mindanao State University tungkol sa mga kuwentong bayan ng mga Maranao na ipasasalin ng resertser sa wikang Filipino. Ayon sa kanya, ang mga kuwentong bayan na pinili ng resertser ay mga tunay, orihinal at pinakakilalang mga kuwentong bayan ng mga Maranao. Pinahintulutan ang resertser na magamit/maisalin lamang ang mga kuwento na nasa orihinal na wikang Maranao at hindi ang salin ng mga ito sa wikang Ingles. Ang mga kuwentong bayan ay kinuha ng resertser sa dalawang aklat na katipunan ng mga kilalang kuwentong bayan ng mga Maranao. Ang mga aklat na ito ay **Mindanao Art and Culture – Tales From “Buadi Sakayo”** ni Saber O. at mga Kasamahan (walang petsa). Pinili ng resertser ang mga kuwentong bayan na hindi magkakatulad ang banghay para may pagkakaiba at yaong may mga aral na matutuhan ang mga mag-aaral. Ito ang mga sumusunod: **Tingting a Bolawan, Ang Kuwento ni Solampid, Si Matorante at ang Sultan, Nabi Mosa, Putri Kalaloan, Radiya Esmayatin, Si Aya Paganay Sebang, Si Salapid At Radiya Ganding, Daliday A Binembar, at Ang Binatang Silangan at Binatang Kanluran.**

Ang kuwentong bayan naman ng mga Maguindanao ay hango sa resorts na ginawa ni Prof. Shandra G. Dimaudtang na isang Maguindanaon at propesor sa University of Southern Mindanao sa Kabacan, Cotabato. Ang ilan pa sa mga kuwentong ito ay mula rin sa resorts na ginawa nina Dr. Rosario Dizon, Dr. Aida Martinez, Prof. Nora Bolinses at Dr. Dialica Caup na pinamamagatang, **“The Maguindanaons”** (1997). Ang mga kuwentong bayang ito ay ang mga pinakakilala at mga orihinal na mga kuwentong bayan ng mga Maguindanaon na nakasulat sa wikang Maguindanao. Ito ang mga sumusunod na mga kuwentong bayan na may iba’t ibang tema at aral: **Si Baladek, Ang Mahiwagang Alimango, Samaya, Ang Mataba at Payat na Usa, ang Pilosopo, Angyas, Lagia Ulama, Ang Matalinong Magsasaka, Datu Munot sa Leges at Ang Matiyagang Mag-aaral.**

Ang mga kuwentong bayan na binanggit sa itaas ay nakasulat sa orihinal na wikang Maranao at Maguindanao. Ang mga kuwentong ito ay isinalin sa wikang Filipino. Sa mga isinaling kuwentong bayang ito, sampu (10) sa Maranao at sampu (10) sa Maguindanaon ang pagbabatayan ng modyul sa pagtuturo.

- (2) Isinalin ng mga napiling tagasalin ang mga kuwentong bayan ng mga Maranao at Maguindanaon mula unang linggo ng Hunyo hanggang huling linggo ng Hulyo, 2000. Ang pagsasalin ay mula sa orihinal na wikang Maranao at Maguindanao patungo sa wikang Filipino. Pagkatapos, ang Filipinong bersyon ng mga kuwentong ito ay binasa ng mananaliksik sa gurong Maranao/Maguindanaon na may hawak ng mga kuwento sa wikang Maranao/Maguindanao na upang mapakinggan at maiwasto ang mga kamalian ng mga ito.



Maliban sa pagkakaayos ng mga pangungusap at gamit ng mga tamang salita, wala nang iba pang nakitang mali sa pagsasalin. Ang diwa ng bawat pangungusap ay napanatili ng tagasalin. Makikita ito sa resulta ng pagbalideyt ng mga balideytors.

- (3) Binalideyt ng Panel ng mga Eksperto ang pagsasalin.

## Anyo 2

- (4) Inihanda at isinagawa na ng resetser ang modyul sa pagtuturo batay sa mga kuwentong bayan ng mga Maranao at Maguindanaon mula noong unang linggo ng Agosto hanggang ikalawang linggo ng Setyembre, 2000.

Ayon kina Abad at Ruedas (1995) ang mga modyul ay nagkakaiba-iba ang uri, anyo at mga bahagi. Ang ikinaiiba ng isang modyul sa iba pang modyul ay nababatay sa paghahanda nito, sa paraan ng paghahanda, sa asignaturang pinaghahandaan, sa pagkakaiba-iba ng gagamit at sa lugar na pinaggagamitan. Ito ang karaniwang bahagi ng modyul ayon pa rin kina Abad at Ruedas:

- A. Pamagat (Title)  
Ano ang pamagat ng modyul?
- B. Ang mga mag-aaral na gagamit (Target Learner)  
Ang mga mag-aaral ba sa loob ng silid-aralan? O mga kabataang nasa pamayanan/ o mga kabataang hindi nag-aaral?
- K. Lagom-Pananaw (Overview)  
Tungkol saan ang modyul? Ibigay ang kahalagahan nito.
- D. Layunin (Objectives)  
Anong tiyak na kaalaman, kakayahan at kasanayan ang inaasintang makamit sa pag-aaral ng modyul?
- E. Mga kakailanganing kahandaang gawi (Entry Behavior)  
Anu-ano ang nararapat na alam ng mga-aaral bago magsimulang pag-aralan ang modyul?
- G. Mga gawain sa pagkatuto (Learning Activities)  
Ito ang pinakakatawan ng modyul. Dito inilalahad ang mga aralin, ang



pagpapayaman sa mga aralin, ang mga probisyon para sa panlunas na gawain at ang mga iniaatas sa mga mag-aaral na mga gawain upang ang inilahad na aralin ay kanyang matutuhan.

#### H. Mga tanong na sasagutin (Questions)

##### I. Mga sagot sa tanong (Feedback)

Kasunod agad ito ng mga tanong upang mabatid agad ng mag-aaral kung wasto o mali ang kanyang mga tugon. Sa dahilang ang pinakapokus ng pagsubok ay ang makuha na iskor ng mga estudyante, ang ginawa ng mananaliksik ay inilagay ang mga sagot sa apendiks ng mga natapos na mudyol.

##### L. Panukatang Sangguniang Pagsusulit (Criterion Post Test)

Ang pangwakas na pantayang pagsusulit ay ibinigay dito upang masubok kung gaano ang natutunan (komprehensyon at masteri) ng mag-aaral sa kanyang pag-aaral sa modyul.

##### M. Pagpapahalaga (Evaluation)

Nakatulong ba ang modyul sa katuparan ng mga layunin?

Ang lahat ng bahagi ng pormat na ito nina Abad at Ruedas (1995) ay sinunod ng resertser maliban sa pretest na wala sa pormat nila. Nagkaroon ng pretesting upang makita o makuha lamang ang “baseline komprehensyon rate” at masteri ng mag-aaral sa mga kuwentong babasahin niya. Pagkatapos ito sa kanyang post test upang makita kung may pagtaas sa iskor sa komprehensyon inihambing pagkatapos na mabasa niya ang modyul. Ito ang pinakalayunin ng modyul.

- (5) “Reliability Testing” ng Pre/Post na Komprehensibong Pagsusulit. Bago ang aktwal na pilot testing ng modyul ay nagkaroon ng pre/post test reliability testing sa labing-apat(14) na mga estudyante sa unang taon sa hayskul ng Dansalan College Foundation, Inc. at labing-apat (14) na mga estudyante sa unang taon sa hayskul ng Lanao National College of Arts and Trades para sa kuwentong bayan ng mga Maranao. Para naman sa kuwentong bayan ng mga Maguindanaon, nagkaroon ng pre/post na pagsubok. Ito ay isinagawa niya noong Setyembre 21-22, 2000 sa Kabacan, Cotabato at noong Setyembre 25-26, 2000 naman sa Marawi City.



- (6) Pinabalideyt at isinangguni ng resetser ang modyul sa pagtuturo sa Panel ng mga Eksperto sa kagamitang pampagtuturo para sa komentaryo/kritiko/suhestiyon mula noong Setyembre 21, 2000 at natapos noong Oktubre 16, 2000.
- (7) Nirebisa o nilinang ng resertser ang modyul sa pagtuturo batay sa mga suhestiyon ng mga eksperto. Inencode sa stensil, pinamemyograp at inayos para magamit sa unang administrasyon ng pilot testing.
- (8) Ang unang administrasyon ng pilot testing ng modyul ay isinagawa sa isang publikong paaralan. Ito ay sa University of Southern Mindanao Laboratory School noong Oktubre 23-27, 2000 sa Kabacan, Cotabato. Ang ikalawang paaralan na kung saan ay sinubok ang modyul ay sa pribado. Ito naman ay sa Notre Dame of Kabacan at isinagawa noong Nobyembre 4-8, 2000. Ang sa Marawi City naman ay isinagawa sa Dansalan College Foundation, Inc. noong Nobyembre 11-15, 2000 at sa Lanao National College of Arts and Trade noong Nobyembre 18-22, 2000. Ang pinili ay ang mga estudyanteng nasa unang taon sa hayskul na nasa una at huling seksyon. Ang layunin nito ay upang masubukan kung ang modyul ay epektibong kagamitang pampagtuturo sa unang taon sa pribado at publikong paaralan.
- (9) Itinala ang pre-test at post-test ng komprehensibong pagsusulit na binubuo ng 50 aytem na mga iskor ng mga estudyanteng Maranao batay sa 10 kuwentong bayang binasa nila. Ito rin ang ginawa sa mga iskor ng mga Maguindanaon na mga mag-aaral sa sampung Maguindanaon na mga kwentong nabasa nila. Ang pasadong iskor ay 80% sa total na bilang ng aytem na 50 o kaya'y hindi mababa sa iskor na 40.

### Istatistikal na Pagsasaayos ng Datos

- (10) Istadistikal na isinaayos at kinumpyut ang mga datos na ginamit sa pamamagitan ng **Statistical Package for Social Sciences Version 10**. Inihambing ang post test ng komprehensibong pagsusulit na mga iskor sa pagitan ng una at huling seksyon sa bawat eskwelahan at sa pagitan ng pre at post test na mga iskor sa bawat seksyon. Ginamit ang t-test for paired samples at t-test for independent samples para sa layuning ito. Kinumpyut din ang mean standard deviation, standard error of difference between means at iba pa.



- (11) Nirebisa ang modyul sa pagtuturo batay sa resulta ng pilot testing at sa opinyon/suhestiyon ng mga *Eksperto* at batay na rin sa feedback ng mga estudyante at guro na gumamit ng modyul.
- (12) Sinubukan sa pinal na pagkakataon ang modyul sa Iligan City East High School sa Sta. Felomina, Iligan City. Ang hayskul na ito ay may dalawang kurikulum. Ang Science at New Secondary Curriculum (NSEC). Sinubok ang modyul sa una at huling seksyon ng bawat kurikulum. Sa pagkakataong ito, ang dalawampung kuwento (20) na ang sinubok sa mga estudyante sa unang taon para masubukan ang kanilang komprehensyon at pagpapahalaga sa mga etnikong kuwentong bayan. Hinati ang modyul sa dalawang set (Set A at Set B). Ang Set A ay ang mga Maguindanaon na mga kuwentong bayan at ang Set B naman ay ang mga kunwetong bayan ng mga Maranao. Ang Set A ay isinagawa noong Disyembre 4-20, 2000 at ang Set B naman ay noong Enero 4-20, 2001. Matagal na natapos ang administrasyon ng modyul dahil sa dalawang set ito sa iisang eskwelahan at parehong mga estudyante. Nagkataong bakasyon sa Pasko sa buwan ng Disyembre at maliban sa bakasyong ito, nagkaroon ang mga estudyante ng mga programa at parti at nagkataon pang peryodikal na eksaminasyon nila sa pagitan ng mg petsang Enero 4-20, 2001.

### Istatistikal na Pagsasaayos ng mga Datos

- (13) Isinaayos at istatistikal na kinumpyut ang mga datos na ginamit ang **Statistical Package for Social Sciences Version 10**. Ang T-test para sa pares na mga sampol ay ginamit sa pagitan ng pre at post test na mga iskor sa bawat seksyon at sa pagitan ng una at huling seksyon sa post test ng bawat kurikulum (Science at NSEC).

Sinuri ang resulta nito.

- (14) Nirebisa o isinaayos ang modyul batay sa resulta ng ikaapat na pagsubok. Kinunsidera rin ang feedback ng mga estudyante, eksperto at mga guro.
- (15) Pinal na isinaayos ang modyul sa tulong ng *Panel ng mga Eksperto* sa kagamitang pampagtuturo.



### III. Buod, Kongklusyon, Implikasyon

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong magbuo ng isang serye ng mga modyul batay sa mga isinaling kuwentong bayan ng mga Maguindanaon at Maranao. Ito ay binuo ng dalawang bolyum. Ang unang bolyum ay ang pagsasalin sa wikang Filipino at pagbalideyt at pagsubok sa modyul. Kasama rin sa bolyum na ito ang resulta ng balidasyon ng ginawang pagsasalin at ang resulta ng ginawang pagsubok sa modyul sa iba't ibang paaralan.

Ang ikalawang bolyum ay ang serye ng mga modyul na ibinatay sa mga piling kuwentong bayan ng mga Maguindanaon at mga Maranao na isinalin na sa wikang Filipino. Napapaloob sa modyul ang sampung kuwentong bayan ng mga Maguindanaon:

#### *Set A*

#### **Kuwentong Bayan ng mga Maguindanaon**

**Si Baladek**  
**Ang Mahiwagang Alimango**  
**Samaya**  
**Ang Mataba at Payat na Usa**  
**Ang Pilosopo**  
**Angyas**  
**Lagia Ulama**  
**Ang Matalinong Magsasaka**  
**Datu Munot sa Leges**  
**Matiyagang Mag-aaral**

#### *Set B*

#### **Kuwentong Bayan ng mga Maranao**

**Tingting a Bolawan**  
**Ang Kuwento ni Solampid**  
**Si Matorante at ang Sultan**  
**Nabi Mosa**  
**Potri Kalaloan**  
**Radiya Ismayatin**  
**Si Aya Paganay Sebang**  
**Si Salapid at Radiya Ganding**  
**Daliday a Binembar**  
**Ang Binatang Silangan at**  
**Binatang Kanluran**

Ang datos ay kinolekta na ginamit ang “multi method approach” na kinapapalooban ng kapuwa qualitative at quantitative na pamamaraan tulad ng pakikinayam sa mga key impormants, eksperimental na pagsubok sa mga modyul sa kapuwa publiko at pribadong eskwelahan sa mga lugar ng Kabacan, Cotabato (para sa Maguindanaon na mga kuwentong bayan), Marawi City (para sa Maranao na mga kuwentong bayan) at Iligan City (para sa Maguindanaon at Maranao na mga kuwentong bayan). Ang opinyon ng mga Eksperto ay hiningi rin para sa preparasyon ng mga modyul at balidasyon ng pagsasalin ng mga kuwentong bayan. Ang panukatang sanggunian pagsusulit (criterion post-test) ay idinaan sa reliability testing bago ito inilakip sa pinal na kopya ng modyul.

Ang mga datos ay sinuri sa pamamagitan ng **Statistical Package for Social Sciences Version 10** na ginamit ang t-test para sa pares na mga sampol at



independyente na mga sampol. Ang resulta ay nagpapakita na:

Ayon sa Panel ng mga Esperto:

- (1) Tumpak ang pagsasalin sa wikang Filipino ng sampung kuwentong bayan ng mga Maguindanaon at sampung kunwetong bayan ng mga Maranao ayon sa sumusunod na tuntunin: *kawastuang panretorika, kawastuang panggramatika, kalinawan ng salin at katangiang pampanitikan;*
- (2) Ang modyul ay nakawiwili, nagbibigay ng impormasyon, at madaling makomprehend ng mga estudyante kaya magsisilbing mahalagang kagamitang pampagtuturo para sa panitikang Pilipino sa unang taon sa hayskul;
- (3) Ang modyul ay nakapagbubuklod-buklod ng mga estudyanteng magagaling at mahihina sa panitikang Pilipino; at
- (4) Ang modyul ay nakapaglilinanang ng kakayahan ng mga estudyante sa pagkomprehend at pagpapahalaga ng panitikang Pilipino.

### Implikasyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang modyul ng mga isinaling kuwentong bayan ng mga Maguindanaon at mga Maranao ay dagdag na kontribusyon sa kagamitang pampagtuturo sa panitikan sa unang taon sa hayskul. Ito ay mainit/malugod na tinanggap ng mga estudyante at mga guro na pinatunayan ng resulta ng kanilang pre-post na pagsubok. Pinatunayan din na nagustuhan ito ng mga guro at estudyante batay sa sinulat nilang reaksyon o opinyon.

Ang pag-aaral na ito ay nagpapatunay lamang na ang modyul na kinapapalooban ng sariling mga kuwentong bayan ng mga Maguindanaon at Maranao ay madaling maintindihan at mas katanggap-tanggap sa kanila. Nagkaroon sila ng kamalayan na sila rin ay may ipinagmamalaking yaman ng isip sa panitikan na maaaring maihambing sa uri at ganda ng panitikan ng ibang mga pangkat sa Pilipinas. Napatunayan na tama ang sinabi ni Manuel G. Lacuesta (1984) na ang susi sa epektibong proseso sa pagkatuto ay ang paggamit ng nababagay at nauukol sa kanilang kultura na mga materyales sa pagtuturo lalo na't kung ang mga ito'y dinisenyo para maabot ang mga partikular na pangangailangan ng mga Pilipinong mag-aaral na ang kaugalian ay naiiba sa iba pang mga mag-aaral. Ang partikular na grupong tinutukoy ay ang kultura ng mga Maguindanao at Maranao na Muslim na natatangi o naiiba kaysa kultura ng mga Kristiyanong mga mag-aaral.



Ang modyul ay napapanahon dahil sa ito'y pagtuklas at pag-unawa sa kultura ng mga Muslim na nasasalamín sa kanilang mga kuwentong bayan.

Ang modyul na kinapapalooban ng mga kuwentong bayan ng mga Maguindanaon at Maranao ay medyo mahirap na babasahin para sa mga Kristiyanong mag-aaral ngunit napatunayan nila na ang mga ito'y kawili-wili at napatunayan nila na maraming impormasyon tungkol sa kultura ng grupong ito ang natututuhan nila. Malaking kaalaman para sa kanila ang dagdag na mga termino na noon lamang nila nabasa o nakita. Sa paraang ito ay napapahalagahan nila ang panitikan ng etnikong grupong ito at sana maging tulay ito sa pagkakaunawaan din ng dalawang malaking grupong ito sa Pilipinas. Isa ring instrumento ang pag-aaral na ito sa pagbubuo ng pambansang panitikan.

Ang modyul ay hindi lamang nababagay at katanggap-tanggap sa mga Maguindanaon at Maranao-Muslim na mga mag-aaral kundi maging sa mga Kristiyanong mag-aaral. Sa kabuuan ang pag-aaral ay karapat-dapat na kagamitang pampagtuturo sa panitikan sa unang taon sa hayskul at sa lahat ng pangkat sa buong kapuluan.

### Bibliograpi

- Abad, Marietta A. at Priscilla Castanedo. 1995. **Filipino Bilang Tanging Gamit**. Quezon City: National Book Store.
- Campos, Felicisima S. 1990. **Mga Ginto sa Iloilo**. Iloilo City: M. Malones Printing Press.
- Constantino, Pamela C. at Monico Atienza. 1996. **Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan**. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Gonzales, Lydia Fer., L.T. Rubin. **Panitikan sa Filipino (Pandalubhasaan)**. Quezon City: Rex Book Store.
- Guamen, Pructousa, C.N.A. C. Espiritu at R.S. Mabanglo. 1986. **Tanging Gamit ng Filipino**. Quezon City: Rex Printing Company, Inc.
- Magracia, Emma B. at A.L. Santos. 1995. **Pag-uuri-uri ng Bokabularyo ng Pilipino sa mga Paaralang Pangkolehiyo sa Siyudad ng Iligan**. 1995. Hindi nakalimbag na Pag-aaral, MSU-IIT.



Santiago, Alfonso O. 1976. **Sining ng Pagsasalingwika**. Quezon City: Rex Book Store.

Sauco, Consolacion P. Sr. **Panitikan ng Pilipinas Para sa Kolehiyo at Pamantasan** (walang pook ng palimbagan).

Yu, Rosario T. 1980. **Panitikan at Kritisismo**. Metro Manila: National Book Store.